Sindaw Journal
2026, Tomo 1, Bilang 1
e-ISSN: 3155-6515 | p-ISSN: 3155-6507

ORIHINAL NA ARTIKULO

OPEN ACCESS

# Imbentaryo ng Estratehiya sa Paglilinang ng Kasanayan sa Pagbasa sa Isang Pribadong Paaralan

*Inventory of Strategies in Developing Reading Skills in a Private School*

Maricel T. Esoy[1]
[1]Mindanao State University-Main Campus
[1]Mindanao Mission Academy of Seventh-Day Adventists, Inc.
*Korespondensiyang awtor: esoymaricel1993@gmail.com

*Natanggap: Hunyo 22, 2026* | *Nirebisa: Hulyo 17, 2026* | *Tinanggap: Hulyo 20, 2026* | *Inilathala: Hulyo 31, 2026*

## Abstrak (Filipino)

Layunin ng pag-aaral na ito na magsagawa ng komprehensibong pagsusuri ng mga estratehiya sa pagtuturo na ginagamit ng mga guro sa isang pribadong paaralan upang malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa sa wikang Filipino. Gumamit ng *qualitative research design*, kabilang ang panayam, obserbasyon, at pagsusuri ng mga dokumento, upang matukoy ang iba't ibang estratehiyang ginagamit ng mga guro at ang kanilang epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mga kalahok ay mga guro sa Filipino na may sapat na karanasan sa pagtuturo at pinili sa pamamagitan ng *purposive sampling*. Batay sa resulta, ang mga pangunahing estratehiya ay ang Direct Reading Thinking Activity (DRTA), paglalaan ng maraming oras sa pagbasa, dugtungang pagbasa, paglinang ng talasalitaan, at *peer tutoring*. Napatunayan ding mahalaga ang mga hakbang tulad ng kolaboratibong pagbasa, pag-aangkop ng mga estratehiya sa indibidwal na pangangailangan, at pagtuturo upang mapadali ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Ipinakita rin ng pag-aaral na ang kakulangan sa bokabularyo at oras para sa pagbabasa ay pangunahing hadlang sa pagkatuto. Gayunpaman, napatunayan na ang paggamit ng mga epektibong estratehiya tulad ng DRTA, kolaboratibong pagkatuto, at *peer tutoring* ay nakatutulong sa pagpapalawak ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Samakatuwid, nagbibigay-liwanag ang pananaliksik na ito sa mga mabisang pamamaraan sa pagtuturo ng pagbasa at nagmumungkahi ng patuloy na pagpapaunlad ng mga estratehiya batay sa indibidwal na pangangailangan ng mga mag-aaral upang mapalalim ang kanilang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa.

*Susing-salita:* Pagbasa, Wikang Filipino, Estratehiya, Kasanayan, Pagtuturo

## Abstract (English)

This study aims to conduct a comprehensive analysis on inventory of teaching strategies employed by teachers in a private school to enhance students' reading comprehension skills in Filipino language. A qualitative research design was employed, incorporating interviews, observations, and document analysis to identify various instructional strategies of the teachers and assess their impact on student learning. Participants included in the study are Filipino language teachers who have substantial teaching experiences, and they are selected through purposive sampling. The findings indicated that the primary strategies were the Direct Reading Thinking Activity (DRTA), allocate more time on reading, shared reading, vocabulary enhancement, and peer tutoring. Additional approaches such as collaborative reading, individualized strategy adaptation, and instructional scaffolding were also identified as significant in developing understanding of the students. The study further revealed that vocabulary deficiency and insufficient reading time constituted the main barriers to learning. Nevertheless, it is proven that effective strategies such as DRTA, collaborative learning, and peer tutoring contributed to the enhancement of students' reading abilities. Thereby, this research provides insights into effective reading instruction and recommends the continued development of strategies tailored to individual student needs to further improve reading comprehension skills.

*Keywords:* Reading, Filipino Language, Strategies, Skills, Teaching

*Pagsipi (To cite):*
Esoy, M. (2026). Imbentaryo ng Estratehiya sa Paglilinang ng Kasanayan sa Pagbasa sa Isang Pribadong Paaralan. *Sindaw Journal, 1(1), 79-90.* https://doi.org/10.5281/zenodo.22063759

© 2026 (Mga) Awtor. Inilathala ng Departamento ng Filipino at Iba Pang Wika
CSSH, Mindanao State University-Main Campus, Marawi City, 9700, Philippines
Website: https://sindawjournal.org email: sindawjournal@msumain.edu.ph
Ang artikulong ito ay bukas ang pag-akses sa pamamagitan ng CC BY license

## 1. Introduksyon

Ang pagbabasa ay isa sa mga pangunahing kasanayan sa wika na kailangang pagyamanin ng mga mag-aaral. Sa pagbasa, naipapahayag ang mensahe ng teksto na nagpapakita ng iniisip ng manunulat at naglalaman ng mga ideyang binibigyang-kahulugan sa proseso ng pag-unawa. Tumutukoy ang pagbasa sa pagkilala, pag-unawa, at pagsusuri ng mga nakalimbag na ideya. Nagsisilbi itong mabisang paraan para mapabuti ang kasanayan sa pag-unawa sa teksto. Ayon kay Silvey (2004), ang pagbasa ay nagbibigay-daan sa mambabasa na maintindihan at makilala ang mga kaalaman o impormasyong nakalimbag na nakabatay sa pagkakasulat ng may-akda. Sa pagbibigay ng mga dahilan, ipinapakita ng may-akda ang kanyang kasanayan at inilalahad niya ito sa paraang maiintindihan ng mambabasa gamit ang naunang kaalaman. Bukod dito, binigyang-diin ni McWhorter (2006) na ang pagbasa ay nangangailangan ng malawak na pag-iisip at pag-unawa sa mga sagisag na nakalimbag o sa mga babasahin na tinatawag na teksto.

Kinikilala ng pamahalaan ang halaga ng literasiya sa pagbasa. Ayon sa DepEd Memorandum (No. 173, s. 2019), ang programa sa pagpapabasa ay may mga target na awtput. Kabilang dito ang pagsulong at pagpapanatili ng kultura ng pagbasa, pagpapahusay sa kakayahan ng bawat guro sa pagtuturo ng pagbasa, at pagpapatupad ng mga interbensyon. Dagdag pa rito, nakatuon ito sa paghahasa ng kakayahan sa pagbabasa kung saan bawat mag-aaral ay makabasa at makaunawa nang mag-isa sa kanyang antas o baitang. Ito ay magreresulta sa pagdagdag ng mga kinalabasan ng pag-aaral. Tinuturing ang literasiya sa pagbasa bilang pundasyon para sa ganap na pakikilahok sa kontemporanyong lipunan. Nanawagan ang Programme for International Student Assessment (PISA) sa mga mag-aaral na gamitin at ilapat ang tekstuwal na impormasyon at mga naipong kaalaman sa pagganap sa lipunan (Roque et al., 2023).

Bilang sagot sa mga hamong ito, naglunsad ang DepEd ng mga programa at hakbang upang matugunan ang mga pangangailangan para sa mabungang pagbasa ng mga mag-aaral. Isa na rito ang paggamit ng Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI). Sinusukat nito ang husay sa pagbasa ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagkilala ng salita at pag-unawa sa binabasa sa Ingles at Filipino. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagmamarka sa mga mag-aaral batay sa tama nilang pagkilala ng salita at mga sagot sa mga tanong sa pag-unawa, ayon sa isang set ng pamantayan sa antas ng pagbasa (DepEd, 2018; Aquino & De Vera, 2018).

Bagama't maraming pag-aaral ang naisagawa hinggil sa pagtuturo ng pagbasa sa Filipino (Gloria, 2021; Marticio, 2022; Noval, 2024), nananatiling limitado ang pananaliksik na nakatuon partikular sa mga pribadong paaralan sa Pilipinas. Karamihan sa mga umiiral na pag-aaral ay nakasentro sa mga pampublikong paaralan. Mas malaki ang populasyon ng mga mag-aaral at mas malawak ang implementasyon ng mga programang pang-interbensyon ng DepEd sa mga paaralang ito (Castillo & Hernandez, 2024; Roque et al., 2023). Samantala, may natatanging konteksto ang mga pribadong paaralan. Kadalasan ay mas maliit ang bilang ng mga mag-aaral, mas maraming mapagkukunan, at Ingles o bilingguwal ang pangunahing wikang panturo. Ang mga katangiang ito ay nagdudulot ng mga hamon at oportunidad sa pagtuturo ng pagbasa sa Filipino, na hindi ganap na natutugunan ng kasalukuyang literatura.

Higit pa rito, ang mga naunang pananaliksik ay pangunahing nakatuon sa pagtataya ng antas ng pagbasa ng mga mag-aaral gamit ang Phil-IRI (Aquino at De Vera, 2018; DepEd, 2018) at sa epekto ng mga interbensyon sa pagbasa (Castillo at Hernandez, 2024). Subalit, kakaunti ang pag-aaral na nagsasagawa ng sistematikong imbentaryo o malawak na pagsusuri ng mga estratehiyang aktwal na ginagamit ng mga guro sa araw-araw na pagtuturo. Ang kakaunting pag-aaral na ito ay hindi pa rin lubos na nagbibigay ng malinaw na larawan kung paano ginagawa ng mga guro ang mga estratehiyang ito, kung paano nila ito inaangkop sa indibidwal na pangangailangan ng mga mag-aaral, at kung anong mga salik ang nakakaapekto sa matagumpay na paggamit ng mga ito. Ang mga puwang na ito sa literatura ay siyang hinanap ng kasalukuyang pananaliksik.

CC BY

Pinapalagay ng pag-aaral na ang sistematikong pagtatala at pagsusuri ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa sa Filipino ay mahalaga. Mahalaga ito para maunawaan ang kasalukuyang kalagayan ng pagtuturo sa mga pribadong paaralan. Makatutulong din ito sa pagbuo ng mas epektibo at angkop na mga interbensyon na tumutugon sa aktwal na pangangailangan ng mga mag-aaral at guro. Sa pamamagitan ng imbentaryo ng mga estratehiya, natutukoy ang mga mabisang kasanayan na maaaring palawakin. Natutukoy rin ang mga kahinaang nangangailangan ng agarang aksyon. Ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay nangangailangan ng tuloy-tuloy at angkop na mga programang pampagbasa na isinasaalang-alang ang aktuwal na pangangailangan ng mga mag-aaral at ang mga hamong kinakaharap ng mga guro. Sa ganitong konteksto, ang pag-aaral na ito ay nagbibigay ng empirikal na batayan para sa pagbuo ng mga polisiya at programa sa pagbasa sa loob ng pribadong paaralan. Higit pa rito, ang mga natuklasan ng pag-aaral na ito ay maaaring magsilbing sanggunian para sa iba pang pribadong paaralan na may katulad na konteksto. Makakatulong din ito sa pagpapayaman ng literatura tungkol sa pagtuturo ng pagbasa sa Filipino sa mga pribadong institusyon.

Mahalaga ang pag-aaral na ito sa pagtingin sa kalagayan ng edukasyon. Nagbibigay ito ng impormasyon tungkol sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Nakatutulong din ito sa paggawa ng mga paraan para mapabuti ang kanilang kakayahan. Bukod dito, inaasahan na makatutulong ito sa pagpapabuti ng mga paraan ng pagtuturo. Nagdadagdag din ito sa pananaliksik sa edukasyon, lalo na sa larangan ng pagbasa at wika.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong magsagawa ng isang komprehensibong pagsusuri ng mga estratehiya sa pagtuturo na ginagamit sa isang pribadong paaralan upang malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa sa wikang Filipino. Sa partikular, ang pag-aaral ay naglalayong sagutin ang mga sumusunod na suliranin:

1. Ano-ano ang mga estratehiya ng mga guro sa pagpapahusay ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino?
2. Paano isinasagawa ng mga guro ang bawat estratehiya sa pagtuturo upang mapadali ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang binabasa?
3. Anong mga salik ang nagiging hadlang sa matagumpay na pagpapatupad ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa sa Filipino?

## 2. Metodo

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik upang magsagawa ng masusing pagsusuri sa mga estratehiya, pamamaraan, at karanasan ng mga guro sa pagpapabuti ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa isang pribadong paaralan. Pinili ang disenyong ito sapagkat ang pangunahing layunin ng pag-aaral ay hindi lamang mailarawan ang mga ginagamit na estratehiya sa pagtuturo kundi maunawaan din ang kahulugan, pananaw, at interpretasyon ng mga guro hinggil sa kanilang mga karanasan sa pagtuturo ng pagbasa sa wikang Filipino. Ayon kina Creswell at Poth (2018), ang kwalitatibong pananaliksik ay angkop sa mga pag-aaral na naglalayong maunawaan ang isang penomenon batay sa pananaw at karanasan ng mga taong direktang nakararanas nito. Sa pamamagitan ng ganitong disenyo, nagkaroon ng pagkakataong mailahad ng mga guro ang kanilang mga karanasan, hamon, inobasyon, at mga personal na estratehiya na hindi madaling masukat gamit ang mga numerikal na pamamaraan.

Higit pa rito, ang kwalitatibong disenyo ay nagbibigay-daan sa mananaliksik na siyasatin ang mas malalim na konteksto ng pagtuturo sa loob ng silid-aralan. Hindi lamang nito tinutukoy kung anu-anong estratehiya ang ginagamit ng mga guro kundi sinusuri rin kung paano, kailan, at bakit nila ginagamit ang mga ito batay sa pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral. Dahil dito, naging posible ang mas komprehensibong pag-unawa sa ugnayan ng konteksto ng paaralan,

CC BY

mga karanasan ng guro, at mga salik na nakaaapekto sa paglinang ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Isinagawa ang pananaliksik sa isang pribadong paaralan sa Manticao, Misamis Oriental. Pinili ang paaralang ito dahil sa natatanging katangian nito bilang isang pribadong institusyong pang-edukasyon na gumagamit ng wikang Ingles bilang pangunahing midyum ng pagtuturo sa karamihan ng mga asignatura. Sa ganitong kalagayan, nagiging kakaiba ang papel ng asignaturang Filipino sapagkat ito ang una o bihirang pagkakataon ng mga mag-aaral upang malinang ang kanilang kakayahan sa paggamit ng wikang Filipino, lalo na sa kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa. Layunin ng paaralan na mapaunlad ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa iba't ibang larangan, kabilang ang kanilang kasanayan sa pagbabasa at pag-unawa sa mga tekstong Filipino. Dahil dito, ang lokasyong ito ay itinuturing na angkop sa layunin ng pag-aaral sapagkat nagbibigay ito ng natatanging konteksto kung saan maaaring maobserbahan ang mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa isang kapaligirang higit na nakatuon sa paggamit ng wikang Ingles. Ang ganitong kalagayan ay maaaring magdulot ng mga hamon sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa sa Filipino, kaya mahalagang maunawaan kung paano ito tinutugunan ng mga guro.

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino sa antas sekondarya ng nasabing pribadong paaralan. Pinili ang mga gurong ito dahil sila ang may direktang karanasan sa pagtuturo ng pag-unawa sa pagbasa at may sapat na kaalaman sa mga estratehiyang ginagamit upang mapaunlad ang kasanayan ng kanilang mga mag-aaral.

Sa pagpili ng mga kalahok, ginamit ang *purposive sampling*, isang teknik sa kwalitatibong pananaliksik na nakatuon sa pagpili ng mga indibidwal na may sapat na karanasan, kaalaman, at kakayahang magbigay ng makabuluhang impormasyon hinggil sa penomenang pinag-aaralan. Ayon kay Patton (2015), ang *purposive sampling* ay nagbibigay-daan sa mananaliksik na makapili ng mga kalahok na may pinakamataas na potensiyal na makapagbigay ng mayaman at malalim na datos.

Isinaalang-alang ang sumusunod na pamantayan sa pagpili ng mga kalahok:

- Lisensiyadong guro sa Filipino;
- May karanasang hindi bababa sa tatlong (3) taon ng pagtuturo ng Filipino sa kasalukuyang paaralan;
- Kasalukuyang nagtuturo ng Filipino sa antas sekondarya; at
- Kusang-loob na sumang-ayon na lumahok sa pag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng nakasulat na pahintulot.

Batay sa mga pamantayang ito, apat (4) na guro ang napiling maging kalahok sa pananaliksik. Bagama't maliit ang bilang ng mga kalahok, ito ay naaayon sa layunin ng kwalitatibong pananaliksik na nagbibigay-diin sa lalim kaysa lawak ng datos. Ayon kina Guest, Bunce, at Johnson (2006), ang maliit ngunit angkop na bilang ng mga kalahok ay maaaring makalikom ng sapat na impormasyon upang makamit ang *data saturation*, lalo na kung magkakatulad ang karanasan ng mga kalahok sa kontekstong pinag-aaralan.

Gumamit ang mananaliksik ng *semi-structured interview guide* bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Ang instrumentong ito ay naglalaman ng mga pangunahing tanong na may kaugnayan sa mga estratehiya, karanasan, hamon, at pananaw ng mga guro sa pagtuturo ng pag-unawa sa pagbasa. Pinili ito sapagkat nagbibigay ito ng balanse sa pagitan ng pagkakaroon ng sistematikong gabay sa panayam at ng kalayaang makapagbigay ng karagdagang paliwanag ang mga kalahok. Nagbibigay rin ito ng pagkakataon sa mananaliksik na magtanong ng mga kaugnay na katanungan upang higit pang mapalalim ang impormasyong nakalap. Isinagawa ang mga indibidwal na panayam sa isang tahimik at komportableng lugar sa loob ng paaralan upang matiyak ang maayos na daloy ng talakayan. Ang bawat panayam ay tumagal nang humigit-

CC BY

kumulang 45 hanggang 60 minuto. Sa pahintulot ng mga kalahok, ang lahat ng panayam ay na-*audio record* upang matiyak ang kawastuhan ng mga nakalap na datos. Pagkatapos ng bawat panayam, isinagawa ang transkripsyon ng mga *audio recording* bilang paghahanda sa pagsusuri ng datos.

Ang mga nakalap na datos ay sinuri gamit ang *thematic analysis* nina Braun at Clarke (2006). Ang pamamaraang ito ay angkop sa kwalitatibong pananaliksik sapagkat nagbibigay ito ng sistematikong proseso sa pagtukoy, pag-oorganisa, at pagbibigay-kahulugan sa mga umuusbong na tema mula sa mga salaysay ng mga kalahok. Sinunod sa pagsusuri ang anim na hakbang na iminungkahi nina Braun at Clarke: (1) paulit-ulit na pagbasa ng transkripsyon upang maging pamilyar sa datos; (2) pagbuo ng mga paunang koda; (3) paghahanap ng mga posibleng tema; (4) pagrerepaso at pagpapatibay ng mga tema; (5) pagbibigay ng pangalan at malinaw na paglalarawan sa bawat tema; at (6) pagsulat ng ulat ng mga natuklasan.

Upang mapataas ang kredibilidad ng pag-aaral, isinagawa ang *member checking*, kung saan muling ipinakita sa mga kalahok ang buod o interpretasyon ng kanilang mga naging tugon upang matiyak na tama ang pagkakaunawa at interpretasyon ng mananaliksik. Ayon kina Lincoln at Guba (1985) at Merriam at Tisdell (2016), ang *member checking* ay isa sa pinakamahalagang estratehiya upang mapahusay ang pagtitiwala at kredibilidad ng kwalitatibong pananaliksik.

Mahigpit na isinasaalang-alang sa pananaliksik na ito ang mga pamantayang etikal sa pagsasagawa ng pananaliksik na may mga kalahok na tao. Bago isagawa ang pangangalap ng datos, humingi ang mananaliksik ng pormal na pahintulot mula sa punong-guro ng paaralan. Matapos itong maaprubahan, ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral, ang proseso ng pananaliksik, ang kanilang magiging papel bilang kalahok, at ang kanilang mga karapatan bilang mga respondente.

Ang bawat kalahok ay lumagda sa isang nakasulat na kaalamang pahintulot na inihanda sa wikang Filipino upang matiyak ang malinaw nilang pag-unawa sa nilalaman nito. Ipinaliwanag din na ang kanilang paglahok ay ganap na boluntaryo at maaari silang umatras anumang oras nang walang anumang negatibong epekto o kaparusahan.

Upang mapanatili ang pagiging kompidensiyal ng kanilang pagkakakilanlan, gumamit ang mananaliksik ng mga *pseudonym* sa lahat ng transkripsyon, tala, at ulat ng pananaliksik. Ang lahat ng *audio recording*, transkripsyon, at iba pang datos ay ligtas na inimbak at tanging ang mananaliksik lamang ang may akses sa mga ito. Sa pangkalahatan, pinangalagaan ang dignidad, kapakanan, oras, at karapatan ng bawat kalahok alinsunod sa mga kinikilalang pamantayan ng etikal na pananaliksik.

## 3. Resulta at Diskusyon

### Estratehiya at pamamaraan ng mga guro sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa

Tinalakay sa bahaging ito ng pag-aaral ang mga tanong sa pananaliksik at ang mga sagot batay sa tugon ng mga kalahok. Para mapanatili ang kompidensiyalidad, gumamit ng mga *pseudonym* sa pagtukoy sa mga kalahok. Ito ay sina Bb. Bee, G. Jee, Bb. Mee, at Gng. Vee.

**Talahanayan 1.** *Mga Estratehiya sa Pagbasa*

| | |
|---|---|
| Estratehiya | Direct Reading Thinking Activity |
| | Paglalaan ng mahabang oras sa pagbasa |
| | Dugtungang Pagbasa |
| | Paglinang ng Talasalitaan |
| | Peer tutoring |

Ipinakita sa Talahanayan 1 ang mga estratehiya at pamamaraan ng mga guro sa pagpapahusay ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino. Batay sa isinagawang

CC BY

pakikipanayam sa mga piling guro, limang pangunahing estratehiya ang lumitaw: Direct Reading Thinking Activity (DRTA), paglalaan ng mahabang oras sa pagbasa, dugtungang pagbasa, paglinang ng talasalitaan, at peer tutoring.

***Direct Reading Thinking Activity*** (DRTA). DRTA ay isa sa mga estratehiyang madalas banggitin ng mga kalahok. Sabi ni Gng. Vee, ginagamit ang DRTA para mahikayat ang mga mag-aaral na mag-isip nang kritikal tungkol sa teksto.

*"Bibigyan sila ng pagkakataon kung ano ba, ano kaya ang susunod na mangyayari. Parang DRTA din yan. Ikaw yung mag-iisip kung ano yung kasunod o maghuhula ka kung ano yung kasunod na mangyayari."*

Ipinaliwanag niya na ang estratehiyang ito ay hindi lamang nagpapahusay ng pag-unawa kundi nagpapataas din ng partisipasyon ng mga mag-aaral:

*"Kung sino sa kanila ang tama, doon natin makikita na talagang may pag-unawa ang mga bata."*

Binigyang-diin din ng isa pang kalahok ang kahalagahan ng pagpapahayag ng damdamin sa pagbasa, na kaugnay ng DRTA:

"*Ang isang bagay dito ay kailangan talagang basahin. Hindi lang basta magbasa nang mabilis, kundi basahin at ibigay ang bawat punto. Kapag binabasa ito, hindi dapat minamadali kundi basahin ito nang may punto.*" (Bb. Bee)

Ang DRTA ay isang paraan ng pagbasa na ginawa ni Stauffer noong 1969. Dito, nagbibigay ang mambabasa ng sarili niyang hula o palagay tungkol sa binabasang teksto. May tatlong pangunahing hakbang ito. Una, pagbibigay-hula. Pangalawa, pagbabasa. Pangatlo, pagpapatunay batay sa impormasyong makikita sa teksto. Sa pag-aaral na ito, ginagamit ng mga guro ang DRTA para maging mas aktibo ang mga mag-aaral sa talakayan gamit ang mga tanong na humahamon sa kanilang pag-iisip. Nakabatay ang paggamit ng DRTA sa *psycholinguistic theory* ni Goodman noong 1969. Dito, nagiging makahulugan ang pagbasa dahil sa ugnayan ng mambabasa at ng teksto. Sa DRTA, ginagamit ng mambabasa ang dati niyang alam para bumuo ng mga hula. Pinatutunayan o binababago niya ang mga ito batay sa impormasyong nakuha mula sa binasa, isang proseso na nagpapakita sa teorya ni Goodman na ang pagbasa ay isang *psycholinguistic guessing game*.

**Paglaan ng mahabang oras**. Binigyang-diin ng mga kalahok ang kahalagahan ng paglalaan ng sapat na oras sa pagbasa, lalo na para sa mga mag-aaral sa junior high school na hindi sanay sa pagbasa sa Filipino. Ayon kay Bb. Bee:

"*Sa junior high school... kinakailangan po kasi siyang i-push talaga to read. Push mo to read kasi nga hindi sila sanay sa ganoong konsepto... require mo talaga and then mas mahaba yung oras dapat na binibigay sa literature sa kanila kasi mas mahirap sa kanila to digest the literature."*

Ipinaliwanag din ni G. Jee na ang pagbibigay ng karagdagang oras ay mahalaga para sa mga mag-aaral na nahihirapan:

"*Bigyan talaga ng oras o pagkakataon na panahon yung bata hindi lamang sa oras na yun na halimbawa sa klase kundi pwedeng tawagan yung bata kapag wala ng klase at ipabasa sa kanya... extra time ibigay natin sa bata."*

Ayon kina Mustaqim et al. (2019), isa sa mga dahilan kung bakit hindi natatapos ng iba ang pagbabasa ay ang kakulangan ng oras. Ang pagkakaroon ng rutina sa pagbabasa ay nakakatulong upang maging regular ang pagbabasa. Sa konteksto ng pag-aaral na ito, kinikilala ng mga guro na ang mga mag-aaral sa junior high school ay nangangailangan ng mas mahabang oras upang maunawaan ang mga akdang pampanitikan sa Filipino, samantalang ang mga senior high school ay mas mabilis na nakukuha ang mga konsepto dahil sa kanilang mas malawak na dating kaalaman sa wika.

CC BY

**Dugtungang Pagbasa**. Ang dugtungang pagbasa ay isang kolaboratibong estratehiya kung saan ang mga mag-aaral ay nagbabasa nang salitan o magkakasama. Ayon kay Gng. Vee:

"*Ang estrategiya ang gagamitin ko ay dugtungang pagbasa. Kasi kapag sinabi natin dugtungan, talagang yung mga bata ay titingin sa kanilang binabasa dahil syempre kapag matatawag siya, siya yung dudugtong sa na unang pagbasa*."

Ipinaliwanag niya na ang estratehiyang ito ay nagpapanatili ng atensyon ng mga mag-aaral:

"*Magiging attentive yung mga bata, makikinig yung mga bata, mapipilitan silang basahin o sumunod sa unang mga nagbabasa kasi may katungkulan sila na pagkatapos ng unang pagbasa maaaring sila yung matawag upang ipagpatuloy ang pagbasa."*

Ang dugtungang pagbasa ay sumusuporta sa teoryang itaas-pababa (Top-Down) ni Smith (1994), kung saan ang mambabasa ay gumagamit ng kanyang dating kaalaman at mga karanasan upang makabuo ng pag-unawa sa teksto. Sa pamamagitan ng dugtungang pagbasa, ang mga mag-aaral ay nagtutulungan at nagbabahagi ng kanilang pag-unawa, na nagpapalalim sa diskusyon at nagpapalawak ng kanilang kritikal na pag-iisip. Ang kolaboratibong kalikasan ng dugtungang pagbasa ay nagpapahintulot sa mga mag-aaral na matuto mula sa isa't isa, na naaayon sa pananaw ni Vygotsky (1978) tungkol sa *zone of proximal development* kung saan ang pagkatuto ay pinapadali sa pamamagitan ng interaksyon sa mas may kaalamang iba.

**Paglinang ng Talasalitaan**. Binigyang-diin ng lahat ng kalahok ang kahalagahan ng paglinang ng talasalitaan bago magbasa. Ayon kay Gng. Vee:

"*Magkakaroon na tayo ng unlocking of difficulties... pagtatala sa listahan ng mga mahihirap na salita na hindi masyadong nauunawaan sa loob ng teksto... bibigyan mo na natin ang kahulugan bago natin ipapabasa yung teksto o kwento kasi hindi lubos na maunawaan ng mga bata kung may mga pahayag o mga salita na mahirap para sa kanilang unawain."*

**Peer Tutoring**. Ang *peer tutoring* ay isang estratehiya kung saan ang mga mag-aaral ay natututo sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanilang kapwa. Ipinaliwanag ni Bb. Bee ang kanyang pamamaraan:

*"Hinahanap ko na yung mga taong magaling na talaga... sini segregate ko na sila in advance... ginagawan ko na sana ng different groups agad... para pantay yung every group may someone na pwedeng makapagpaliwanag sa bawat grupo."*

Binigyang-diin ni Bb. Bee ang kahalagahan ng pagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na may mababang antas na magpaliwanag:

*"Hindi ko pipiliin yung parang may matataas na kaalaman... dun muna ako sa medyo medium at tsaka yung medyo hirap talaga... sila yung hinahayaan ko... para mabigyan din ng chance yung medyo hirap na makapagpaliwanag."*

Ipinaliwanag din niya ang epekto ng *peer tutoring* sa kumpiyansa ng mga mag-aaral:

*"Natutulungan mo siya in such a way na nabibuild na yung confidence niya na pwede pala... pwede pala nyang maintindihan yung mga bagay na hirap syang maintindihan... magiging bukas siya sa pagtanggap doon sa literaturang filipino."* (Bb. Bee)

Ayon kay Montecillo (2023), mahalaga ang konsepto ng *peer tutoring* sapagkat ang tutor at tutee ay nasa magkatulad o halos magkatulad na antas ng pagkatuto. Sa konteksto ng pag-aaral na ito, ang *peer tutoring* ay hindi lamang nagpapabuti sa pag-unawa sa pagbasa kundi nagpapaunlad din ng kumpiyansa at positibong saloobin ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Ang estratehiyang ito ay sumusuporta sa kolaboratibong pagkatuto na binibigyang-diin nina Villafuerte at Bernales (2008) kung saan ang kooperasyon ng mga mag-aaral sa klasrum ay kinikilala bilang mahalaga sa pagkatuto.

CC BY

**Hakbang ng mga guro sa pagpapatupad ng mga estratehiya**

Hindi magiging epektibo ang mga estratehiya na ginagamit ng guro kung hindi natutukoy ang hakbang na ginagawa upang maipatupad ito nang mabuti sa loob ng klase. Sa susunod na talahanayan ay nagpapakita ng mga hakbang upang magawa ang mga estratehiya.

**Talahanayan 2.** *Hakbang sa Pagpapatupad ng Estratehiya*

| Hakbang | Pagpapatupad |
|---|---|
| Kolaborasyong Pampagkatuto sa Pagbasa | Pagtutulungan sa Pagbasa<br>Kolaboratibong Pagsusuri<br>Pagpapalitan ng Kaalaman |
| Pag-aangkop ng Estratehiya sa Indibidwal na Pangangailangan | Pagkilala sa Kasanayan ng Mag-aaral<br>Pag-aangkop ng Aralin<br>Pagpapalawak ng Pagkatuto |
| Pagtuturo para sa mas malalim na Pag-unawa | Pagpapalalim sa Pagtatanong<br>Reciprocal Questioning<br>Pag-highlight ng Mahahalagang Ideya<br>Paglalapat ng Natutunan |

***Kolaborasyong Pampagkatuto sa Pagbasa***

Sa pamamagitan ng kolaborasyong pampagkatuto, nagkakaroon ng pagtutulungan sa pagbasa kung saan ang mga mag-aaral na hirap sa pagbasa ay natutulungan ng mga may mataas na antas sa pagbasa. Ipinaliwanag ni Bb. Bee:

*"Hinahayaan ko muna silang magtanong ng mga words na hindi nila maintindihan… pinapaliwanag mo muna sa kanila… tapos ginagawa ko sila naman yung magiging step up to explain it to their group mates."*

Ang kolaboratibong pagsusuri ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na magtanong sa grupo tungkol sa mga hindi nila naiintindihan. Ayon kay Bb. Bee:

*"Yung mga group mates na medyo mahirap, sila naman yung parang magtatanong doon sa kagrupo na lang mas naiintindihan at doon pumapasok yung pag-unawa sa loob."*

Ang pagpapalitan ng kaalaman ay isinasagawa sa pamamagitan ng paghikayat sa bawat miyembro ng grupo na magpaliwanag gamit ang sariling kaalaman. Ipinaliwanag ni Bb. Bee:

*"Pipili ako ng from that group to explain kung ano naintindihan nila pero hindi ko pipiliin yung parang may matataas na kaalaman. Dun muna ako sa medyo medium at tsaka yung medyo hirap talaga."*

Ang kolaboratibong pagkatuto ay naaayon sa pananaw nina Villafuerte at Bernales (2008) na ang kooperatibong mga pamamaraan sa pagtuturo ay naghahanda sa mga mag-aaral para sa matalino at demokratikong paglahok sa lipunan. Ayon sa pag-aaral nina Tsay at Brady (2010), ang mga mag-aaral na tunay na nakikilahok sa pangkatang gawain na nagpapakita ng asal sa pakikipagtulungan ay may mataas na iskor sa mga pagsusulit at marka sa katapusan ng semestre.

***Pag-aangkop ng Estratehiya sa Indibidwal na Pangangailangan***

Binigyang-diin ng mga kalahok na walang iisang estratehiya na epektibo para sa lahat ng mag-aaral dahil magkakaiba-iba ang mga mag-aaral. Ayon kay Bb. Bee:

*"Wala siyang specific talaga na one technique to all. Different technique to different individual kasi iba iba po yung klase ng pagtanggap ng mga estudyante sa literatures."*

Ipinaliwanag ni Bb. Bee kung paano niya iniaangkop ang kanyang pagtuturo batay sa antas ng mga mag-aaral:

*"Binabatay ko rin sa edad at background ng mga bata… pag junior high school… introduce yan at ilagay na hinay… huwag mo na yung mabigat kaagad na literatura kasi it would be boring for them… sa senior high school… hindi na kailangan pa ipa-drawing mo sa kanila kasi meron ng ganoong understanding."*

CC BY

Binigyang-diin din ni Bb. Bee ang kahalagahan ng pagkilala sa kakayahan ng bawat mag-aaral:

*"Kailangan ko munang kilalanin ang mga estudyante… kailangan ko munang malaman kung anong kapasidad nila o ano ang kanilang mga prior knowledge sa asignaturang Filipino para malaman ko kung ano yung mga karapat-dapat na teksto."*

Ang pag-aangkop ng estratehiya sa indibidwal na pangangailangan ay hindi lamang nagpapakita ng kakayahan ng guro na magturo, kundi isa rin itong anyo ng malasakit sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Nababatid ng guro ang kahalagahan ng ugnayan ng interes at kasanayan ng mga mag-aaral na mag-uudyok sa kanila na matuto at yakapin nang buo ang itinuturo. Ayon kay Zhao (2020), ang kahusayan sa pagtuturo ay mahalagang impluwensiya sa partisipasyon ng mga estudyante sa loob ng klasrum. Sa pamamagitan ng indibidwal na pag-aangkop, mas natutulungan ang bawat mag-aaral na magtagumpay sa kanyang pag-aaral at magkaroon ng kumpiyansa sa sarili.

***Pagtuturo para sa mas Malalim na Pag-unawa***

Layunin ng mga guro na higit pa sa simpleng pagkatuto ng impormasyon ang kanilang pagtuturo. Gumagamit sila ng pagpapalalim sa pagtatanong upang masuri ang tunay na pag-unawa ng mga mag-aaral. Ayon kay Gng. Vee:

*"Pagkatapos ng pagbasa, ipapahighlight o pabibilugan sa mga bata kung ano yung mga salitang hindi nila nauunawaan… nang sa ganun, mabigyan ng kahulugan at doon natin maipapahayag sa kanila ang kabuoang ibig sabihin ng kanilang binabasa."*

Gumamit din ang mga guro ng *reciprocal questioning* upang mas mapalalim ang pag-unawa. Ayon kay Gng. Vee:

*"Maaaring tatanungin natin o meron tayong pang-prosesong tanong na gagawin. Dahil dito natin makikita kung naunawaan nila talaga yung kwento."*

Ang Reciprocal Questioning (ReQuest) o Tugunang Pagtatanong ni Manzo (1969) ay idinisenyo upang mapalalim ang komprehensyon ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng resiprokal na pagtatanong ng guro at ng mga mag-aaral. Sa konteksto ng pag-aaral na ito, ginagamit ng mga guro ang pamamaraang ito upang matiyak na ang mga mag-aaral ay hindi lamang nakababasa kundi tunay na nakauunawa sa teksto. Natuklasan nina Divoll at Browning (2013) na ang aktibong pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtugon sa mga gabay na tanong ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa at pagpapatibay ng kanilang retensyon sa mga konseptong binasa.

**Mga salik sa aplikasyon ng mga estratehiya sa pagbasa**

Nagkakaroon ng sanhi ang mga salik ng pagpapatupad ng estratehiya sa pagbasa. Ito ay maaaring positibo o negatibo upang ito ay magtagumpay o hindi sa loob ng klase. Ang kasunod na talahanayan ay nagpapakita ng mga salik sa pagtuturo ng pagbasa sa paaralang isinaad dito.

**Talahanayan 3.** *Mga Salik sa Pagtuturo ng Pagbasa*

| | |
|---|---|
| Salik na nagiging hadlang o nakakatulong sa matagumpay na aplikasyon ng mga estratehiya | Hamong Pangwika<br>Kakulangan ng kasanayan sa Filipino<br>Hadlang sa wika<br>Pagpapaunlad ng Kasanayan<br>Retensyon ng Pagbasa<br>Pag-aangkop ng Estratehiya<br>Suporta at Kooperasyon<br>Suporta ng Pamunuan<br>Suporta ng Komunidad |

CC BY

***Hamong Pangwika***

Ang pangunahing salik na nakakaapekto sa pagtuturo ng pagbasa ay ang hadlang sa wika. Ipinaliwanag ni Bb. Mee:

*"One thing is really the language barrier. Most especially sa pribadong paaralan, marami talaga nagsasalita ng wikang Ingles. So bilang isang guro ng ganitong paaralan, talagang may hirapan. Hindi ka kaagad nakakapagpapatuloy sa iyong aralin sa kanilang pagbasa kasi halos lahat ng mga salita ay hindi nila maunawaan."*

Binigyang-diin ni Bb. Mee ang pangangailangan para sa mas maingat na pagtuturo:

*"Kaya pinakailangan ng maingat sa pagtuturo at higit sa lahat mahabang pasensya at lalong-lalong na mag-iisip ng mas epektibong estratehiya sa kanilang level na madali nilang maunawaan ang kanilang binabasa."*

***Pagpapaunlad ng Kasanayan***

Mahalaga ang retensyon ng mga estudyante sa mga bagong salita at konsepto. Gumagamit ang mga guro ng iba't ibang pamamaraan upang mapataas ang retensyon. Ayon kay G. Jee:

*"Kailangan talagang basahin. Hindi yung magbasa lang ng napakabilis kundi basahin at ibigay yung bawat punto... Kapag binabasa ito hindi yung mabilisan kundi basahin siya na may punto."*

Ipinaliwanag ni Bb. Bee ang kanyang pamamaraan sa pagpapalawak ng bokabularyo:

*"Basahin niya lang, masahe yung libro, ilista niya yung mga words na hindi niya maintindihan... tapos magbukas siya ng dictionary... basahin niya ulit yung literatura."*

Ayon kay Sousa (2001), mas tumitibay ang pagkatuto kapag ang impormasyon ay nalilipat mula sa *working memory* patungo sa *long-term memory* sa pamamagitan ng sapat na pag-eensayo at makabuluhang pagpoproseso. Ipinaliwanag ni Slavin (2003) na ang mga estratehiya sa pagtuturo na aktibong nagpapalahok sa mga mag-aaral ay nakatutulong sa mas matagal na pagpapanatili ng kanilang natutuhan.

***Suporta at Kooperasyon***

Ang pagtataguyod ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa ay nangangailangan ng kooperasyon mula sa pamunuan at komunidad ng paaralan. Ipinaliwanag Bb. Mee:

*"Malaki ang naitutulong ng suporta kasi hindi naman ito maisasakatuparan ng isang guro kung walang susuporta sa guro na maaaring magamit ng guro sa kanyang pagtuturo sa mas epektibong pamamaraan na maunawaan ng bata ang kanilang binabasa."*

Binigyang-diin ng kalahok ang kahalagahan ng mga kagamitan at instructional materials:

*"Kung halimbawa, kung minsan kasi may kakulangan tayo sa mga kagamitan... may kakulangan tayo siguro sa mga instructional materials... ang supporta talaga ay magsisilbing tulong at magiging magaan. Nagiging magaan yung trabaho at makikita ng sumusuporta sa amin na talagang ito ay kinakailangan para sa pag-unlad ng isang bata."*

Hindi maikakailang may kaugnayan ang kagamitan sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Sa pahayag naman nina Torgesen at Mathes (2000), ang kahirapan sa pagbasa ay maaaring mabigyan ng solusyon sa pamamagitan ng mga *workbook*, *textbooks*, o *worksheet* na maaaring mahalagang bahagi ng interbensiyon sa pagbasa. Ang tulong, suporta, at kooperasyon mula sa pamunuan at komunidad ay mahalaga upang mas mapabuti ang mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at matulungan ang mga guro na maging mas epektibo sa kanilang mga gawain.

## 4. Konklusyon

Pinapakita ng pag-aaral na ito ang halaga ng iba't ibang paraan tulad ng DRTA, dugtungang pagbasa, paglinang ng talasalitaan, *peer tutoring*, at paglalaan ng mas mahabang oras sa pagbasa sa pagpapabuti ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang mga

CC BY

paraang ito, na ayon sa *psycholinguistic theory* ni Goodman, ay tumutulong sa pag-uugnay ng dating kaalaman at teksto. Pinapalakas din nito ang pagtutulungan at kumpiyansa ng mga mag-aaral at nagdudulot ng mas malalim at makahulugang pag-unawa sa binabasa.

Gayunpaman, limitado ang pag-aaral na ito sa apat na guro mula sa iisang pribadong paaralan. Gumamit ito ng kwalitatibong disenyo at *in-depth interview* lamang. Inirerekomenda ang mas malawak na pananaliksik na may *mixed-method design* at mas maraming kalahok para masukat ang aktwal na epekto ng mga estratehiya. Para sa mga guro ng Filipino, hinihikayat ang tuloy-tuloy na paggamit at malikhaing pag-aangkop ng mga estratehiyang ito batay sa indibidwal na pangangailangan ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, mas mapapalalim ang kanilang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa at pagpapahalaga sa wikang Filipino.

## 5. Reperensya


Aquino, M. G., & De Vera, P. V. (2018). Development of learning material for Grade 7 struggling readers. *TESOL International Journal*, 13(1), 23-40.

Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. *Qualitative Research in Psychology*, 3(2), 77-101. https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa

Castillo, M. A., & Hernandez, A. A. (2024). Catch-Up Fridays: Pagpapaunlad ng lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga akdang pampanitikan sa Filipino. https://doi.org/10.17613/X8G6-H231

Creswell, J. W., & Poth, C. N. (2018). *Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches* (4th ed.). SAGE Publications.

DepEd. (2018). *Implementing guidelines on the administration of the revised Philippine informal reading Inventory (PHIL-IRI)* (DepEd Order No. 8, s. 2018). https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2018/03/DO_s2018_014.pdf

DepEd. (2019). *Hamon: Bawat bata bumabasa* (3Bs) (DepEd Memorandum No. 173, s. 2019). Department of Education. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/11/DM_s2019_173-1.pdf

Divoll, K., & Browning, S. (2013). "Read the text, as if!" The reading retention strategy. *International Journal for the Scholarship of Teaching and Learning,* 7(1). https://doi.org/10.20429/ijsotl.2013.070108

Gloria, A. (2021). Paglinang ng mga estratehiya sa pagtuturo ng wikang Filipino sa panahon ng pandemya [Master thesis, La Consolacion University Philippines]. https://www.researchgate.net/publication/353443547_Paglinang_ng_mga_Estratehiya_sa_Pagtuturo_ng_Wikang_Filipino_sa_Panahon_ng_Pandemya

Goodman, K. S. (1967). Reading: A psycholinguistic guessing game. *Literacy Research and Instruction*, 6(4), 126-135.

Lincoln, Y. S., & Guba, E. G. (1985). *Naturalistic inquiry.* SAGE Publications.

Manzo, A. V. (1969). The ReQuest procedure. *Journal of Reading*, 13(2), 123–126.

Marticio, R. R. B. (2022). Kalagayang pangkasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa: Batayan sa pagbuo ng planong pagpapaunlad sa pagbasa. *International Journal of Open-Access, Interdisciplinary & New Educational Discoveries of ETCOR Educational Research Center (iJOINED ETCOR).*

McWhorter, K. T. (2006). *Study and critical thinking skills in college*. Pearson/Longman.

Merriam, S. B., & Tisdell, E. J. (2016). *Qualitative research*: A guide to design and implementation (4th ed.). Jossey-Bass.


CC BY

Montecillo, M. D. (2023). Mungkahing peer tutoring program bilang interbensyon sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino 8. International Journal of Open-Access, *Interdisciplinary & New Educational Discoveries of ETCOR* Educational Research Center (iJOINED ETCOR), 2(1), 8–20.

Mustaqim, M., Corebima, A. D., & Mahanal, S. (2019). ERCoRe learning model in improving students' critical thinking skills. *Jurnal Pendidikan Sains*, 7(4), 145–150. https://doi.org/10.17977/jps.v7i4.12894

Noval, R. (2024). Pagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa sekondarya sa harapang pagtuturo: Mga salaysay ng mga guro sa Filipino. *Nexus International Journal of Science and Education*, 1(2), Article 2. https://nijse.org/index.php/home/article/view/84

Patton, M. Q. (2015). *Qualitative research & evaluation methods* (4th ed.). SAGE Publications.

Roque, J. A., Pascua, M. N., Javillonar, M. G., & Cruzat, M. B. (2023). Revisiting Filipino pupils' reading ability post-pandemic: Basis for a remediation program. *International Journal of Multidisciplinary Research and Publications* (IJMRAP), 5(8), 54-58.

Silvey, A. (2004). *100 best books for children*. Houghton Mifflin Harcourt.

Slavin, R. E. (2003). *Educational psychology: Theory and practice* (7th ed.). Allyn and Bacon.

Smith, F. (1994). *Understanding reading: A psycholinguistic analysis of reading and learning to read* (5th ed.). Lawrence Erlbaum Associates.

Sousa, D. A. (2001). *How the brain learns* (2nd ed.). Corwin Press.

Stauffer, R. G. (1969). *Directing reading maturity as a cognitive process*. Harper & Row.

Torgesen, J. K., & Mathes, P. G. (2000*). A basic guide to understanding, assessing, and teaching phonological awareness*. Pro-Ed.

Tsay, M., & Brady, M. (2010). A case study of cooperative learning and communication pedagogy: Does working in teams make a difference? Journal of the Scholarship of Teaching and Learning, 10(2). http://sites.google.com/site/bibliography2inquiryaspedagogy/cooperative-learning

Villafuerte, P. V., & Bernales, R. A. (2008). *Pagtuturo ng/sa Filipino: Mga teorya at praktika*. Mega-Jesta Prints, Inc.

Vygotsky, L. S. (1978). Mind in society: *The development of higher psychological processes*. Harvard University Press.

Zhao, Y., & Ko, Y. O. J. (2020). How do teaching quality and pedagogical practice enhance vocational student engagement? A mixed-method classroom observation approach. *International Journal of Educational Management*, 34(6), 987–1000. https://doi.org/10.1108/IJEM-11-2019-0393

CC BY